

Inuyama Multilingual News

Publishing • Editing:
Inuyama International Association
Petsa ng paglathala : 2024.2.27
Bersiyong Tagalog (No. 8)

Pag unlad sa pamamagitan ng Pangangalaga sa Bata at trabaho



Mrs. NGUYEN QUYNH PHUONG
Nasyonalidad : Vietnamese
Dumating sa Japan : Mayo, 2016
Isang ina, kasalukuyang
nagtatrabaho sa
kumpanya na may kinalaman sa
pagkain.



Dahilan ng pagpunta sa Japan :

May dalawa akong kapatid na nakapunta na sa Japan. Simula sa aking pagkabata ay naisip ko nang napakaganda ng bansang Japan at mababait ang mga tao rito, kung kaya naman pagkatapos kong mag-aral sa kolehiyo ay nagpunta ako dito.

Karansan pagdating sa bansa : Sa unang dalawang taon, habang nagtatrabaho ay pumapasok ako sa paaralan ng nihongo. Mahirap magbalanse ng oras ng trabaho at pag aaral. Pagkatapos ng aking dalawang taong pag-aaral sa unibersidad ng ekonomiya ay nakapasok ako ng trabaho sa kumpanya ng industriya ng pagkain na may kinalaman sa import at export at mga negosyo. Mabait ang aking boss at ang aking mga katrabaho, maganda at maayos ang kapaligiran ng aking pinagtatrabahuhan. Isinilang ko ang aking panganay na anak pagkatapos ng aking pag- aaral sa unibersidad.

Kasiyahan sa trabaho : Araw-araw ay nakakayanan ko ang mga bagong hamon sa aking trabaho . Halimbawa, ang pagsusumite ko ng aplikasyon sa kumpanya para sa nais kong gawin trabaho na may kaugnayan sa exporting. Gusto ko na lagi akong susubok ng mga bagong bagay.

Tungkol sa pagpapalaki o pag- aalaga : Pagkatapos kong manganak ay dumating ang aking ina dito sa Japan sa loob ng dalawang taon at malaking tulong ito sa aking pag-aalaga sa aking anak. Nahirapan ako nang bumalik na sa aming bansa ang aking ina. Simula ng Pebrero ng taong 2022 ay nagsimulang pumasok sa hoikuen o nursery ang aking anak. Mahirap ang mag-isa na mag-alaga ng anak, halimbawa, sa oras na mayroong 37.5 na lagnat ang aking anak ay kaagad akong tinatawagan ng hoikuen, kinakailangang maagang umuwi mula sa kumpanya para sunduin ang bata at kinabukasan naman ay hindi rin ako makakapasok sa trabaho dahil lumiban sa hoikuen ang aking anak. Kulang sa tulog at gayundin ang aking asawa na hindi matutuloy sa kanyang business trip. Mabuti na lamang at nagagawa ko ang aking trabaho sa online kung kaya naman nagagawa ko pa rin ang ilang mga bagay.

Mga salitang binibigkas ng bata : Nihongo ang wikang ginagamit sa labas ng bahay. Nais kong dito na manirahan sa Japan habambuhay. Subalit dahil sa pamilya ng aking asawa ay hindi ako nakakatiyak na makakapanatili kami rito. Upang hindi makalimutan, 100 porsiyentong wikang Vietnamese ang ginagamit namin sa loob ng bahay. Tinuturuan ko din ang aking anak sa bahay ng Ingles at nag-aaral ng Nihongo sa pamamagitan ng panonood ng gusto niyang mga anime.

Tungkol sa Japan : Nais ko na patuloy na manirahan sa Japan. Dahil sa ligtas, masarap ang mamuhay at malinis ang hangin. Ligtas ang mga pagkain at maasahang bansa. Strikto pagdating sa mga patakarán, subalit kung susundin lamang ang mga ito ay magiging Mabuti ang pamumuhay. Kung sa oras na mayroong hindi maunawaan ay maaring magtanong sa mga katrabaho at nakakataas na tao sa kumpanya. Ang mga ito ay isang aral din.

Mensahe sa mga banyagang nagpapalaki ng anak:

Nais kong pahalagahan ninyo ang oras habang kasama ang inyong mga anak, mahirap man ito dahil maraming gawain, ngunit ito ay isang masayang oras. Ang pagkakaroon ng anak ay nagpapataas ng motibasyon sa trabaho. Hindi lamang sa pagpapalaki ng anak, dahil dito ay maaari ding harapin ang mga bagong hamon sa buhay, umunlad at magkaroon ng magandang resulta. Upang hindi magkaroon ng problema ang bata kung sakaling bumalik sa sariling bansa, huwag kalilimutan ang sariling wika. Gayundin naman, natutunan ko sa aking trabaho na maging mabait, kung maayos sa anumang pagtugon ay magiging maayos din ang resulta nito. Natutunan ko ang lahat ng ito sa aking pagtatrabaho.

Para sa lahat ng magpapalaki ng bata sa Japan mula ngayon

1. Tungkol sa Sistema ng pagpapalaki sa Japan

Ang kompulsoryong sistema ng edukasyon sa bansang Japan ay 6 na taon sa elementarya at 3 taon sa sekondarya, maari rin mag-aral ang mga banyagang bata simula sa elementarya hanggang sekondarya tulad din ng ordinaryong bata sa bansang Japan. Kung hindi makakatapos ng sekondarya ay hindi maaring makapasok ng senior High School. Pagkatapos ng sekondarya, papasok ng senior high school. Pagkatapos ng senior high school, papasok ng kolehiyo o vocational school.



◆ Guidebook para sa pagpasok sa paaralan ng mga banyagang bata (Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology) <Sa mga wikang Ingles, Koreano, Vietnamese, Tagalog, Tsino, Portuges, Espanyol, at Ukraina >, Portuges, Intsik, Tagalog, Espanyol>

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm

◆ Guidebook para sa pagsulong ng karera (Prepektura ng Aichi)

<Portugues, Intsik (Pinasimpleng karakter), Intsik (Tradisyong karakter), Tagalog at Espanyol.>

<https://www.pref.aichi.jp/soshiki/tabunka/shinro-gidebook.html>

2. Tungkol sa pera o gastos sa pampublikong elementarya at Junior High School

Halina at paghandaan ng sistemako.


Walang bayad ang matrikula, subalit may iba't-ibang gastusin na kailangang bayaran katulad ng school lunch (kyushoku) at materyales na ginagamit sa eleksiyon. **Sa elementarya** ay school bag (Randoseru) ay gagamitin hanggang sa makatapos ng elementarya, P. E uniform, swimsuit, at sapatos(uwabaki). Sa sekondarya, school uniform, P.E uniform, sports uniform na gagamitin sa kanilang club activity at pamasaha kung kinakailangan para sa pagpunta sa kompetisyon ng club activities.

「(Hal.)Bagay na sariling bili」



◆ Magkano ang gastusin sa edukasyon (Average ng bawat bata bawat taon.)

(pinagmulan: Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology 2021 Child Study Expenditure Survey)



3. Ang Senior High School

May 3 uri ng Senior High School. Full-time, Part-time, at correspondence schooling. Ang mga kurso ay General course, industrial, commerce, atbp. Ang mataas na paaralan ay hindi na sakop ng kompulsoryong sistema ng edukasyon. Kinakailangan sumailalim sa entrance examination at maipasa ito.



Mga espesyal na pamamaraan ng pagsusulit para sa mga banyagang bata (Espesyal na pagsusulit para sa banyagang mag-aaral):

Ang ilang mga mataas na paaralan sa Aichi Prefecture ay nag-aalok ng mga espesyal na eksaminasyon para sa mga banyagang bata. Ang mga pagsusulit ay sa 3 asignatura na Japanese, Math at Ingles at may hiragana ang kanji characters. Maaari ring mag-aplay para sa konsiderasyon katulad ng furigana sa kanji characters sa pagsusulit sa Part-time senior high school.

Magtanong sa: High School Education Division, Aichi Prefectural Board of Education

TEL: 052-954-6786

E-mail: kotogakko@pref.aichi.lg.jp



Pagkakataon na makilala ang isat isa.

Sa pamamagitan ng panimulang karanasan ng “pagbisita sa Bahay” karanasan na magkakasama, pakikipag usap at pakikinig.

Ang Inuyama International Association (IIA) ay nagsagawa ng programang "Home Visit" kung saan ang mga banyagang residente ay bumibisita sa mga pamilyang hapon upang mapalalim ang ugnayan sa isa't- isa sa pamamagitan ng pagdanas ng gawi ng pamumuhay sa Japan.

Taon 2022: 17 dumalo mula sa 5 bansa. 7 host families
Taon 2023 : 12 dumalo mula sa 5 bansa. 7 host families



Boses ng mga kalahok

- ◆ Ang pinaka-kasiya-siyang bahagi ay ang pakikipag-usap habang kumakain ng masasarap na pagkain.
- ◆ Naging kaibigan ko ang aking host family. Kung mayroon akong pagkakataon, gusto ko silang anyayahan sa aking tahanan.
- ◆ Nag-usap kami tungkol sa iba't ibang bagay. Halimbawa, tungkol sa relihiyon at lutuin sa Japan at sariling bansa.

Nakipag-usap kami sa Host family na si Akagi Masayo. (tumanggap ng banyagang estudyante mula sa Canada at Vietnam) .

Ang aking karanasan bilang Host family : Napakasaya. Pinapunta ko rin ang nanay ko na nag-iisang namumuhay at sinabing siya rin ay nasiyahan. Marahil, nasa kultura nila ang pagiging mabait at pagpapahalaga sa mga matatanda. Nakatutuwang isipin na sila ay napalaking maayos ng kanilang pamilya. Nakatutuwang makita ang aming pagkakaiba sa isa't-isa. Halimbawa, nagpakita sila ng interes sa mga pinatuyong persimmon, na karaniwan na naming ginagawa. Ako ay nabahaginan nila ng kasiglahan mula sa kanilang pagiging masaya. Sana ay ipagpatuloy pa nila ang kanilang pagsusumikap. Nais kong maulit ito dahil ang Home Visit ay kawili-wili, at gusto ko rin na maranasan ng maraming tao maging banyaga man o host family. Gusto ko ring makipag-usap sa ibang host family.

Ang kanilang Pang-unawa at impresyon sa Japan : Masaya ako kung maging maganda ang impresyon nila patungkol sa Japan. Sinabi nilang “Nais nilang bumalik!”

Pagbabago matapos ng pagtanggap : Noon, may mga bagay na kahit hindi sabihin ay tila nagkakaunawaan. Subalit mula sa karanasan ng pagtanggap sa banyagang bisita, natutunan ng bawat miyembro ng pamilya ang makinig sa isa't-isa, naunawaan na magkakaiba ang kinalakihan at personalidad ng bawat tao, naging mabait ang bawat isa at natutunan nila ang magkaisa.

Mga benipisyo ng Multicultural Symbiosis : Magiging maayos ang ugnayan kung isasaisip ang pagkakaiba ng bawat isa. Kahit sa pagitan ng parehong hapon, ay maiuugnay rin ang bagay na ito. Ang unang hakbang at mahalaga upang magkasundo ay ang magtanong, subukang makipag-usap at pagpapaliwanag. Makipagkaibigan at buksan sa sarili sa bagay na ito.



Ipinakikilala ang masikap na mag-aaral sa Inuyama Japanese Classroom




Bb. Suzuki Yumi
Nasyonalidad:Hapones
Trabaho : Tumutulong sa gawaing-bahay
Dumating sa Japan noong nakaraang taon (2023) galing sa bansang Pilipinas.



Nagtapos ng Senior High School sa Pilipinas noong Setyembre at dumating sa Japan noong Oktubre taong 2023. Napaunlad ang kakayahan sa wikang Nihongo sa pamamagitan ng pag-aaral sa Inuyama Japanese classroom, nais niyang makapagtrabaho sa isang manufacturing company dito sa Japan. "Napakabait ng mga tao sa Inuyama Japanese Classroom. Sa bahay, ako ay nanonood ng Japanese drama upang matuto ng Nihongo. Ang paborito kong pagkain dito ay tempura, ramen at onigiri.

<Komento mula sa boluntaryong tagapamahala na si Zenmoto Masaru>

Mabilis makaunawa si Ms. Yumi, masigasig siya sa pag-aaral. Nang kami ay mag-aral ng pagbibilang pagkatapos magbasa ng "ippai, ni-hai, san-bai" kaagad rin niyang nabasa ang "ippiki, ni-hiki, san-biki!" Tiyak na may sense siya pagdating sa wikang Nihongo. Dagdag pa rito, lagi siyang nakangiti habang nag-aaral. Kaya naman, masaya rin akong naisusulong ang leksiyon. Labis akong nagpapasalamat sa kanya. Ating ipagpatuloy ang masayang pag-aaral!



※Inuyama Japanese Classroom⇒



Mayroong lugar kung saan maaaring makipag-usap ng Nihongo sa mga taong nagmula sa iba't-ibang bansa.



「Multicultural Chat Club - Online」

Isang beses sa isang buwan, sa napiling paksa ay may talakayang isinasagawa sa loob ng isang oras.
Pinag-uusapan ang kultura, tradisyon, kaugalian at naiisip ng bawat isa.
Mayroong matutuklasang bagong kaalaman mula sa mga kuwento ng mga partisipante mula sa ibang bansa.

◆ Pagpapalista :

<https://forms.gle/clmM8LAJmsozaQVB8>



※ Susunod na iskedyul: Marso 13 (Miyerkules), 19:30~ 20:30

※ Maaari itong isagawa sa ordinaryong araw at Sabado.

May lugar na makakahalubilo ang ibang tao habang nakikiisa sa aktibidad. Maaaring dumalo kahit kaunti lamang ang kaalaman o karanasan sa Nihongo.

Dito ay sama-samang mararanasan ang pagluluto, kapistahan at kultural na aktibidad. Mayroong bagong makikilala bukod sa mga tao mula sa trabaho o pamilya.

2023.07.09 Cooking Lesson ng bawat bansa⇒



2023.10.22 Inuyama Hiking

◆Makikita ang gabay ng iba't-ibang event mula rito.

Home Page (HP)
<http://iiea.info>



Facebook
「Inuyama International Association」



Panayam sa guro ng kurso ng wika

Sa Inuyama International Association ay may mga gurong native speaker na nagtuturo ng language lesson. Ngayon, ating kinapanayam ang guro sa wikang Hangle (Korean) na si Kan Inson.

Lugar ng kapanganakan: Busan South Korea

Kailan dumating: Taong 1996 :

Ano ang nagustuhan sa Japan: Ang mga hapon ay kalmado at mababait. At hindi sila basta-basta nanghihimasok sa iba. Ang paborito kong pagkain ay sukiyaki at takoyaki.

Ang maganda sa Busan : Ang Busan ay maunlad na lungsod, maraming maganda at cute na café sa gilid ng dagat. Aking mairerekomenda ang produktong katulad ng octopus, pusit at sashimi. Sa inyong pagbisita sa south Korea, hindi lamang sa Seoul kundi mamasyal rin kayo sa Busan.

Ang maganda sa wikang Hangle: Ang wikang ito ay nilikha na maaaring mabasa at maisulat ng kahit na sino, subukan at huwag isiping napakahirap nito. Ang komposisyon ng pangungusap ay katulad rin sa nihongo, kung matutunan ang bawat letra at salita ay madaling makakabuo ng isang pangungusap. Napakalapit lamang ng South Korea, marami ring bumibisita at namamasyal rito, makabubuti at nais kong matutunan muna ninyo ang pagbabasa ng pangalan ng istasyon ng tren at pangalan ng pagkain bago magtungo rito. Sa mga taong may interes sa kultura ng South Korea, kung matutunan ang pagbabasa at pagsusulat ay tiyak na mas masisiyahan kayo sa pagbisita rito.



※Iba pang mga wika na matutunan sa language lesson:

※Impormasyon hinggil sa language lesson⇒









Pakikipag-usap sa Ingles, Hangle, Intsik, Aleman, Espanyol, Portuges.

Ang buwis sa bansang Japan


Sa bansang Japan ay nagbabayad ng buwis ang mga nagtatrabaho, naninirahan, namimili ng kanilang pangangailangan, sa bansa at sa lungsod. Ang buwis (zeikin) ay ginagamit sa pamumuhay ng mga mamamayan.

(Inilathala: Immigration Services Agency Supervisor 『Gabay sa Pamumuhay・Trabaho~Para sa mga banyagang namumuhay sa bansang Japan』)

Uri		Sino ang magbabayad ?	Magkano ang babayaran ?	Kailan at paano babayaran ?
Income Tax	National Tax	Para sa mga mayroong kinikita o suweldo 	Matutukoy ang halaga nito Mula sa income o kinita na natanggap sa loob ng isang taon mula Enero1 hanggang Disyembre 31.	①Ang binabayaran ng kumpanya kada buwan(withholding tax) ②Magsusumite ng dokumento sa kasunod na taon ng pagtatrabaho sa pagitan ng Pebrero 16 hanggang Marso 15 (final tax return).
	Local Tax	Sa mga naninirahan sa bansa mula Enero 1, at nagtatrabaho	Natutukoy ang halaga nito sa income o kinita sa nakaraang 1 taon mula Enero 1 Disyembre.31.	①Bawat buwan, nagbabayad ang kumpanya (Special tax collection) ②Personal na magbabayad
Consumption Tax	National Tax	Tumatanggap ng serbisyo sa pamamagitan ng pamimili ng mga bagay.	①8% (pinamiling pagkain sa supermarket bukod sa inuming alcohol) ②10% (bagay o serbisyo bukod sa ①) Sa pagtanggap ng serbisyo sa pamamagitan ng pamimili	Namimili ng mga bagay at pagtanggap ng serbisyo  
	Local Tax			
Auto-mobile Tax	Local Tax	Sa mga taong may sasakyan 	①Vehicle Tax /Light Vehicle Tax: Matutukoy ang halaga nito ②Vehicle tax/ Light vehicle tax: : Matutukoy ang halaga nito depende sa uri ng sasakyan.	①Automobile tax/ Light vehicle tax : • Kasabay sa pagbabayad sa oras na bumili ng sasakyan. • Sa buwan ng Abril bawat taon ay magbabayad sa banko, post office o convenience store ang mga mayroong sasakyan. ②Automobile weight tax : Babayaran tuwing vehicle inspection. Matutukoy ang halaga nito depende sa bigat ng sasakyan.
Fixed Asset Tax	Local Tax	Kasama sa Enero 1, ang mga may pag-aari ng lupain, gusali (bahay, apartment, atbp.), kagamitang ginagamit sa trabaho (makinarya, tools, sasakyan, atbp.) 	Matutukoy ang halaga ng babayaran sa buwan ng Abril ~ Hunyo sa abisong ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa inyong address.	• Nakalagay rito ang deadline ng pagbabayad.Nakasulat sa post • Maaari itong bayaran sa banko, post office, convenience store. 

Iba't-ibang kultura at kaugalian

Sa Pilipinas, kumakaian ng litsong baboy sa selebrasyon ng pasko. Dagdag pa rito, nagdi-display ng 12 o 13 uri ng bilog na prutas katulad ng mansanas o orange. Ang mga taong naninirahan malapit sa inyo, ano ang kanilang ginagawang paghahanda para sa bagong taon? Masayang makipagkuwentuhan tungkol dito.



Masayang Nihongo Onomatopoea!

Alam ba Ninyo kung ano ang onomatopoea? Ito ay ang pagpapahayag ng situwasyon o galaw sa pamamagitan ng pagbigkas o pagsasalita. Kung matututunan ang onomatopoea sa wikang Nihongo, lalong magiging mas masaya ang makipag-usap. Subukan ninyo itong gamitin!

Uto-uto



Makakatulog na anumang oras. O kaya naman ay makakatulog na nang malalim.

Pun-pun



Iyong galit na galit o hindi maganda ang mood.

Poka-poka



Mainit at komportableng situwasyon.

Gutsu-gutsu



Ipinahahayag ang pagkulo ng nilulutong pagkain.

Cool Japan

Japanese food
(washoku)



Gusto ninyo ba ang sushi, sukiyaki at tempura? Washoku ang tawag sa tradisyonal na mga pagkaing hapon. Hindi lamang maganda sa paningin ang Washoku, balanse rin sa nutrisyon at isa rin daw ito sa mga pampahaba ng buhay. Ang Washoku ay naitalang UNESCO Intangible Cultural Heritage noong taong 2013 at umakit ng pansin ng buong mundo bilang “Washoku.”

May 4 season sa bansang Japan, ginagamitan ng sangkap na sa partikular na panahon lamang matitikman ang Washoku. Ang tawag sa mga sangkap na ito ay “shun.” Sa Washoku, ang tawag sa katas ng katsuobushi (bonito flakes) o kombu (kelp) ay “umami.” Kung mahusay na magagamit ang “umami” na ito, makakalikha ng masarap na lutuing mananamnam ang sarap ng bawat sangkap. Gayundin naman, ang katangi-tanging karakter ng Washoku ay ang fermented na pagkain at pampalasa. Halimbawa ng mga ito ay ang nattou, pickled na gulay, toyo, miso, at katsuobushi.

Inuyama Multilanguage Newsletter

Publikasyon/Editor: Inuyama International Multiexchange Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』

TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356 HP : <http://iiea.info> E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Boluntaryong tagapagsalin ng wika:

Ingles: Kusakabe Kazuro, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Steve McGuire

Espanyol: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagi Mitsue, Yoshida Gisele

Chinese: Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnam: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria